


Music

Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Antas ng Daynamiks



Music – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Antas ng Daynamiks
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Maria Lovella L. Gonzaga

Editors: Deowel F. Abapo, Eden Lynne V. Lopez, Vergita M. Ibañez

Tagasuri: Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Jose Aldrin F. Avellana

Tagaguhit: Luzvel B. Villamor

Tagalapat: Eden Lynne V. Lopez, Ma. Jayvee A. Garapan

Tagapamahala: Ma. Gemma M. Ledesma

Bebiano I. Sentillas

Rosemarie M. Guino

Joy B. Bihag

Ryan R. Tiu

Nova P. Jorge

Raul D. Agban

Lorelei B. Masias

Josemilo P. Ruiz

Shirley L. Godoy

Eva D. Divino

Jo-ann C. Rapada

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: (053) 832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Music

Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Mga Antas ng Daynamiks

Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sinasabi ng karamihan na ang musika ay ekspresyon ng ating kaluluwa at ito ay naipahihiwatig gamit ang boses at paano laruin ang bawat instrumentong pangmusika. Sa bawat lakas o hina ng ating boses at paghampas sa mga instrumento iba't ibang damdamin o emosyon ang nakapaloob dito.

Kung ang nota ang nagbibigay tono sa bawat titik ng komposisyon, paano naman pinapahayag ng kompositor sa mang-aawit o manunugtog na kailangan na nitong lakasan o hinaan ang pag-awit o pagtugtog?

Dito pumapasok ang isa pang mahalagang elemento ng musika ang **daynamiks**. Mahalagang malaman ang wastong pagbasa at pagsunod sa bawat antas ng **daynamiks** para magabayan ang mang-aawit at manunugtog sa wastong damdamin na nais ipahayag ng kompositor o ng komposisyon.

Sa modyul na ito ay ating matutuhan ang angkop na terminolohiyang pangmusikal upang matukoy ang antas ng daynamiks (MU5DY-Iva-b-2) at inaasahang makamit ang mga sumusunod:

- Nagagamit ang angkop na terminolohiyang pangmusikal upang matukoy ang antas ng daynamiks.
- Nakakaawit ng katutubong awit na sumusunod sa mga simbolo ng daynamiks.
- Nagbibigay-kasiyahan habang ginagawa ang pag-awit



Subukin

Panuto: Ibigay ang angkop na antas ng daynamiks (*Italian word*) ng mga sumusunod. Isulat ang sagot sa patlang

- | | |
|-------------------------|-------|
| 1. malakas na malakas | _____ |
| 2. malakas | _____ |
| 3. katamtamang lakas | _____ |
| 4. katamtamang hina | _____ |
| 5. mahina | _____ |
| 6. mahinang-mahina | _____ |
| 7. unti-unting paglakas | _____ |
| 8. unti-unting paghina | _____ |

Aralin

1

Mga Daynamiks

Sa musika, ang daynamiks ng isang komposisyon ay ang pagkakaibaiba ng lakas o hina ng tunog ng mga nota o grupo ng mga nota. Ang mga antas ng daynamiks ay nakasaad kadalasan bilang mga simbolo lamang. Ngunit, ang mga ito ay depende pa rin sa interpretasyon ng manunugtog o ng mang-aawit ayon sa kung ano ang konteksto o hinihinging interpretasyon ng musika.



Balikan

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong.


- A. Anong uri ng mga nota at pahinga ang sumusunod? Ibigay ang kumpas ng bawat isa. Isulat mo sa iyong papel.

Halimbawa:  = kapat na nota = 1 kumpas


Mga Nota at Pahinga	Pangalan	Bilang ng Kumpas
1. 		
2. 		
3. 		
4. 		
5. 		

B. Gumuhit ka ng mga notang pataas, notang pababa at mga notang inuulit gamit ang nakalaang limguhit sa ibaba.


Pataas



Pababa



Inuulit



Tuklasin

Nakapanood ka na ba ng isang debate? Marahil maririnig mo ang tagapagsalita na lumalakas at humihina ang kanyang boses depende sa punto o kaisipan na nais niyang ipabatid sa kanyang tagapakinig. Kapag mainit na ang usapin at nagpapalitan na ng argumento ang bawat panig kadalasan lumalakas ang boses ng mga ito. Samantalang humihina naman kapag gusto nilang kumbinsihin ang mga manonood na pumanig sa pinaniniwalaan nila. Ginagamit nila ang lakas at hina ng boses para maikuwento o maipaliwanag sa tagapakinig ang kanilang pinaglalaman. Ang pag-iiba rin ng boses ay isang mabisang paraan upang maihatid ang mensahe at kahulugan ng bawat usapin.

Bawat kanta ay may nakapaloob na kuwento. Kaya ang mang-aawit ay mistulang taga- kuwento rin. Gamit ang lakas, hina, bagal o bilis ng boses at tunog naiparamdam at naipamamalas nito ang kahulugan ng bawat titik at nailalabas nito ang emosyon na nakapaloob sa bawat musika.



Suriin

Ang daynamiks ay nagpapakita kung gaano kalakas o kahina ang isang tunog. Ang malakas at mahinang tunog ay mapapakinggan kung ang isang tao ay umaawit, nagsasalita o tumutugtog ng mga instrumentong pangmusika. Ito rin ay mapapansin sa mga mananayaw habang sila ay umiindak at sumasayaw sa iba't ibang saliw ng musika. Ang daynamiks ay tinatawag ding ***volume***.

Sa pagsasalita ang lakas at hina ng boses ay iba-iba. Halimbawa, maaari mong lakasan ang boses kung ikaw ay nagbibigay-diin sa mga mahahalagang salita. Maaari mo ring hinaan ang iyong boses para ipahiwatig na ikaw ay kalmado. Puwede ka ring bumulong para hindi ka marinig ng iba.

Ganoon din sa pagkanta, kinakailangan mo ring ibahin ang paglakas o paghina ng iyong boses. Mula sa mahina patungong katamtaman hanggang sa paglakas nito para maipahayag ang kahulugan ng awitin.

Sa pagtugtog naman ng mga instrumento nakatutulong ang daynamiks sa pagbibigay-kahulugan ng isang awitin. Halimbawa maaaring ang pagpalo sa *drums* ay magsisimula sa malakas at magtatapos sa mahina. Ang lakas ay sumisimbolo ng matinding emosyon at sigla. Sa kabilang dako naman ang mahina ay nangangahulugan ng pagiging kalmado at payapa.



Ang simpleng pagkumpas ng kamay ay makatutulong sa pagpapahiwatig ng daynamiks. Maaari mong itaas ang iyong kamay para sa malakas na tunog ibaba naman ito para sa mahina. Puwede rin itong gamitin bilang senyales sa pagbabago ng daynamiks sa mga pangkatang awitin.

Narito ang mga antas ng daynamiks na ginagamit sa isang awitin. Ito ay nakalimbag sa wikang Italyano. Ang iba't ibang antas na ito ay nagsisilbing gabay para maipamalas ang ninanais na lakas o hina ng tunog habang umaawit.

Simbolo	Antas ng Daynamiks	Kahulugan
<i>ff</i>	Fortissimo	malakas na malakas
<i>f</i>	Forte	malakas
<i>mf</i>	Mezzo forte	Katamtamang lakas
<i>mp</i>	Mezzo piano	Katamtamang hina
<i>p</i>	Piano	mahina
<i>pp</i>	pianissimo	mahinang-mahina



Pagyamanin

Gawain 1.

Panuto: Ibigay ang naaangkop na antas ng daynamiks ng mga sumusunod na simbolo.

Dynamic Marking

Antas ng Daynamiks

- | | |
|--------------|-------|
| 1. <i>pp</i> | _____ |
| 2. <i>p</i> | _____ |
| 3. <i>mp</i> | _____ |
| 4. <i>mf</i> | _____ |
| 5. <i>f</i> | _____ |

Gawain 2.

Panuto: Pag-aralang mabuti ang awiting **Magtanim ay di Biro** at awitin ito batay sa mga nakalagay na simbolo ng daynamiks. Sagutin ang mga sumusunod na tanong .

MAGTANIM AY DI BIRO

ff *mf* *f* *p* *mf* *f* *f* *ff* (Villamor n.d.)

Mga Tanong:

1. Paano nagbago ang tunog sa unang sukat ng awitin?

2. May pagbabago rin ba sa pangalawang sukat?

3. Anong sukat ng awitin ang walang pagbabago sa tunog?

Gawain 3.

Panuto: Bilang mag-aaral paano mo maipakikita na ikaw ay nasiyahan habang kinakanta ang katutubong awit?

Aralin

1.1

Mga Daynamiks na Crescendo at Decrescendo

May dalawang antas ng daynamiks na ginagamit sa pagpapahayag ng paunti-unting paglakas at paghina ng tunog ng nota o grupo ng mga nota.

Una ay ang crescendo (*abbreviated cresc.*) ang ibig sabihin nito ay unti-unting paglakas at gumagamit ng simbolong $<$.

Pangalawa ay ang decrescendo (*abbreviated to decresc.*) na ang ibig sabihin ay unti-unting paghina at gumagamit naman ng simbolong $>$.



Balikan

Panuto: Ibigay ang antas ng daynamiks ng mga sumusunod na simbolo. Isulat sa patlang ang iyong sagot.

Dynamic Marking

1. *pp*
2. *p*
3. *mp*
4. *mf*
5. *f*

Antas ng Daynamiks



Tuklasin

Ang daynamiks nagpapahayag kung gaano kahina o kalakas ang pagtugtog at pag-awit sa musika.

Ang daynamiks ay mahalagang paraan ng pagpapabatid ng kalagayan ng damdamin ng musika at kung paano ito tinutugtog alinsunod sa kagustuhan ng kompositor ng musika o sa mensahe ng awitin.

Ginagamit ng mga kompositor ang daynamiks para maipahayag ang iba't ibang damdamin na nakapaloob sa musika. Kaya kung minsan may mga tugtugin

na kaunti lamang ang daynamiks, at minsan mayroon ding kinapapalooban ng maraming antas ng daynamiks.

Tingnan muli ang mga sumusunod. Mapapansin mo na naidagdag na dito ang mga daynamiks na ***crescendo at decrescendo***.

Simbolo	Mga Antas ng Daynamiks	Kahulugan
<i>ff</i>	Fortissimo	malakas na malakas
<i>f</i>	Forte	malakas
<i>mf</i>	Mezzo forte	Katamtamang lakas
<i>mp</i>	Mezzo piano	Katamtamang hina
<i>p</i>	Piano	mahina
<i>pp</i>	pianissimo	mahinang- mahina
<i>></i>	Crescendo	Unti-unting paglakas
<i><</i>	Decrescendo	Unti-unting paghina



Suriin

Panuto: Pagsunod-sunurin ang mga sumusunod na simbolo ng daynamiks mula sa pinakamahina hanggang sa pinakamalakas.

--	--	--	--	--	--

ff


p

f

mf

pp

mp



Pagyamanin

Gawain 1.

Panuto: Pangalanan ang sumusunod na mga simbolo ng daynamiks.

1. *pp* _____
2. *p* _____
3. *mp* _____
4. *mf* _____
5. *f* _____
6. *ff* _____
7. < _____
8. > _____

Gawain 2.

Panuto: Awitin ang **Leron-Leron Sinta** na naaayon sa daynamiks na nakapaloob dito. Markahan ang iyong pag-awit ayon sa rubrik na makikita sa pahina 12 ng modvul na ito.

Leron Leron Sinta

Folk song from the Philippines

mp mf

Le- ron, le- ron, sin- ta, Bu- ko ng pa- pa- ya, Da- la- da- la'y bus- lo, Si- sid- lan ng sin- ta; Pag- da- ting sa du- lo'y, Na- ba- li ang sa- nga, Ka- pos ka- pa- la- ran, Hu- ma- nap ng i- ba.

(Villamor n.d.)

Gawain 3.

Panuto: Kadalasan sa iyong mga paboritong awitin, ano sa tingin mo ang mas nangingibabaw na mga daynamiks na ginamit? Isulat ang iyong sagot sa ibaba at kung bakit ito ang iyong sagot.



Isaisip

Panuto: Sagutin ang mga tanong ibaba at isulat sa sagutang papel.

- A. Ano ang natutuhan mo sa modyul na ito?
- B. Ano ang iyong nararamdaman habang pinag-aaralan mo ang modyul na ito?



Isagawa

Awitin ang “Magtanim ay Di Biro” ayon sa hinihinging antas ng daynamiks sa bawat saknong. Sumangguni sa Rubrik.

Saknong 1

malakas

Magtanim ay di biro

mahina

Maghapon nakayuko

mahina

Di man lang makatayo

malakas

Di man lang makaupo

Saknong 2

malakas na malakas

Sa umaga paggising

malakas

Ang lahat ay isipin

mahina

Kung saan may pananim

malakas

May masarap na pagkain

Saknong 3

katamtamang hina

Magtanim di biro

katamtamang lakas

Maghapon nakayuko

unti unting paghina

Di man lang makatayo

unti unting paglakas

Di msn lang makaupo



Tayahin

A. Panuto: Basahin ang bawat sitwasyon, ilapat sa patlang ang angkop na antas ng daynamiks. Gamitin lamang ang simbolo.

- _____ 1. batang nagtotorotot
- _____ 2. tren na papaalis
- _____ 3. natutulog na sanggol
- _____ 4. dalawang taong masinsinang nag-uusap
- _____ 5. inakay na nagpuputak

B. Panuto: Isulat sa patlang ang antas ng daynamiks ng mga sumusunod na kahulugan.

- _____ 1. malakas na malakas
- _____ 2. malakas
- _____ 3. katamtamang hina
- _____ 4. katamtamang lakas
- _____ 5. mahinang-mahina

RUBRIK SA PAGWAWASTO SA PARTENG PAGYAMANIN GAWAIN 2
(LERON LERON SINTA)

Naaawit lahat ng taludturan ayon sa nakatalang antas ng daynamiks	5 puntos
Naaawit ang apat hanggang limang taludturan nang wasto ayon sa nakatalang antas ng daynamiks	4 puntos
Naaawit ang dalawa hanggang tatlong taludturan nang wasto ayon sa nakatalang antas ng daynamiks	3 puntos
Naaawit ang isang taludturan lamang nang wasto ayon sa nakatalang antas ng daynamiks	2 puntos

RUBRIK SA PAGWAWASTO SA PARTENG ISAGAWA (MAGTANIM AY DI BIRO)

Kasanayan	Napakahusay (3 puntos)	Mahusay (2 puntos)	Di- gaanong Mahusay (1 puntos)	ISKOR
Paglalagay ng mga daynamiks	May tatlo o higit pang daynamiks na inilagay sa awitin.	May dalawang daynamiks na inilagay sa awitin	May isang daynamiks na inilagay sa isang awitin.	



Karagdagang Gawain

Panuto: Pangalanan ang bawat miyembro ng iyong pamilya mula sa unti unting paglakas at unti unting paghina ng boses.



Susi sa Pagwawasto

Aralin 1
SUBUKIN
1. fortissimo
2. forte
3. mezzo forte
4. mezzo piano
5. piano
6. pianissimo
7. crescendo
8. decrescendo

BALIKAN ARALIN 1.A
1. buong nota
2. kalahating nota
3. ikawalong nota
4. ikapat na pahinga
5. kalahating pahinga

BALIKAN ARALIN 1.B



PAGYAMANIN 1
GAWAIN 1
1. pianissimo
2. piano
3. mezzo piano
4. mezzo forte
5. forte

GAWAIN 2
A. Mula sa pagiging sobrang lakas nagbago ito patungong katamtamang lakas
B. Oo, Mula sa malakas ay humina C. Ikaapat na bahagi

GAWAIN 3
Depende sa sagot ng mag-aaral

Aralin 1.1
BALIKAN
1. pianissimo
2. piano
3. mezzo piano
4. mezzo forte
5. forte

SURIIN
1. pp
2. p
3. mp
4. mf
5. f
6. ff

PAGYAMANIN 1.1 GAWAIN 1
1. Pianissimo
2. Piano
3. Mezzo Piano
4. Mezzo Forte
5. Forte
6. Fortissimo
7. Crescendo
8. decrescendo

GAWAIN 2
Sumangguni sa Rubrik

ISAISIP
A. Natutuhan ko ang tungkol sa mahalagang elemento ng musika, ang daynamiks at ang iba't ibang antas nito Natutuhan ko rin ang mga simbolo, kahulugan at Italian words nito.
B. Nakaramdam ako ng kasiyahan lalo na sa pag-awit ng katutubong awitin.

ISAGAWA
Sumangguni sa Rubrik

TAYAHIN
A. 1. f
2. ff
3. pp
4. p
5. f
B. Isulat sa patlang ang katumbas na Italian word sa sumusunod na kahulugan ng daynamiks markings.
1. fortissimo
2. forte
3. mezzo piano
4. mezzo forte
5. pianissimo

Sanggunian

Hazel P. Copiaco at Emilio S. Jacinto. *Halinang Umawit at Gumuhit 5* Textbook. Vibal Group Incorporated. 2016. Gregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines. p. 78 – 82

Gernalyn A. Solano. *MAPEH Adventures in the 21st Century*. Rex Bookstore, Inc. 2019. Quezon City, Philippines. Pahina 67-72

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph